**League of Filipino Students**
www.lfs.ph
lfsphilippines@yahoo.com

November 2007

# **P**angkalahatang **O**ryentasyon at **T**ungkulin

League of Filipino Students

*Inamyendahan at pinagtibay ng*
*Ika-16 na Pambansang Kongreso*
*Oktubre 21-25, 2007,*
*Barotac Viejo, Iloilo*

# PANGKALAHATANG ORYENTASYON AT TUNGKULIN

Sa harap ng malupit na pananalanta at brutal na pandarahas ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, sa gitna ng ibayong pagpupunyagi at paglaganap ng apoy ng pambansa demokratikong pakikibaka na tumutupok sa mga haligi ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, isinilang ang LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS.

## TUMITINDING KRISIS AT KAHIRAPAN AT ANG PAGLABAN NG SAMBAYANANG PILIPINO PARA SA PANLIPUNANG PAGBABAGO

Malaking tagumpay ang inani ng mamamayang Pilipino sa pagpapatalsik sa garapal na Pangulong ESTRADA. Naganap ito sa pamamagitan ng ekstrakonstitusyunal na proseso kung saan ang lakas at panawagan ng mamamayan ang nanaig sa mga limitasyong konstitusyunal. Malaki ang naging bahagi ng mga kabataan sa mga napakaraming kilos-protesta sa lansangan sa iba't ibang bahagi ng bansa, hanggang sa huling bigwas ng People Power II na dinaluhan ng libo-libong kabataan mula sa mga paaralan, pagawaan, komunidad, at empresa, na dumulo sa pagpapatalsik sa pangulo.

Lalong tumitindi ang pagkabulok ng naghaharing sistema. Lantaran ang pagpapakatuta ng Pangulong Arroyo sa imperyalismong US samantalang walangpatumangga nitong sinasagasaan ang mga karapatan at kabuhayan ng mamamayan habang niyuyurakan ang pambansang soberanya at naghahasik ng kaguluhan.

Bigay laya ang rehimen sa pagbibigay sa lahat ng naisin ng imperyalismong US. Mula sa walang habas na pagpapatupad ng mga patakarang pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon, sa malayang pagpasok ng tropang Amerikano sa Pilipinas, hanggang sa todotodong pagsuporta sa gera ng US laban sa Iraq, sagad sa pagpapakatuta ng



Agresibong magpalawak. Buuin at paganahin ang mga komite kung saan kinokolektiba at kinokonsolida ang kasapian ng balangay. Tuloy-tuloy na magsanay at magpaunlad ng maraming lider ng mga komite at tuloy-tuloy na konsolidahin at palakasin ang liderato ng mga balangay. Tukuyin at itayo (ayon sa prayoridad at kakayanan) ang mga komite sa lahat ng linya ng gawain.

6. **Paigtingin at palawakin ang mga pakikibakang masa. Aktibong makipagkaisa sa mga tradisyunal na mga organisasyon ng kabataan at estudyante.**

Paigtingin at palawakin ang mga pakikibaka sa loob at labas ng paaralan. Regular na makipag-ugnayan sa mga tradisyunal na organisasyon. Manguna sa pagbubuo ng mga pangmatagalan at mga taktikal na alyansang nakabatay sa prinsipyo ng concensus, initiative at independence.

7. **Tumungo, matuto at makipagkaisa sa masang manggagawa at magsasaka. Itaguyod at isulong ang pang-ekonomya't pampulitikang pakikibaka ng masang anakpawis.**

Sa piling ng anakpawis (sa mga baryo, komunidad at pabrika) ilunsad ang panlipunang pagsisiyasat, paglahok sa produksyon, pag-aaral, pagmumulat, pagoorganisa at pagpapakilos sa masa. Sa proseso ay isagawa ang masikhay na pagpapanibagong hubog sa sarili at taimtim na pagyakap sa buhay at pakikibaka ng anakpawis.

Maglunsad ng mga programa, proyekto't kampanyang suporta at integrasyon sa masang kabataang estudyante para sa kilusang anakpawis. Itayo at paganahin sa mga balangay ang Komite sa Integrasyon sa Batayang Masa o katumbas na makinarya't istruktura para sa gawain sa batayang masa.

8. Kumilos para sa pagbubuo at pagsusulong ng anti-imperyalistang kilusan at prente ng kabataan sa daigdig. Mag-organisa ng kabataang Pilipino at itayo ang mga balangay ng LFS sa iba't ibang bansa.

Agresibong makipag-ugnayan, makipagtalakayan at makipagtulungan sa mga progresibo, anti-imperyalista at sosyalistang samahan at organisasyon ng kabataan at estudyante sa iba't ibang bansa sa Asia Pacific, America, Europe at Africa. Itaguyod ang relasyon batay sa mutual na pagsuporta, kasarinlan at nagkakaisang paninindigan laban sa imperyalismo.

Organisahin at pakilusin ang mga Pilipinong kabataan at itayo ang mga balangay ng LFS sa ibayong dagat.

mga aralin hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino, mga prinsipyo't patakaran ng rebolusyunaryong kilusan, mga sulatin ni Marx, Lenin, Stalin, Mao Zedong at iba pa, at mga araling sosyalista. Sistematikong ilunsad ang PADEPA (Pambansa Demokratikong Paaralan) sa hanay ng kasapian at masa. Buuin sa lahat ng balangay ang komite sa edukasyon.

3. **Sumuporta at aktibong lumahok sa mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Itaguyod at itaas ang militansya, ilantad at labanan ang repormismo.**

Aktibo at militanteng sumuporta't lumahok sa mga kampanya't pakikibakang masa ng mamamayan laban sa papalalang sosyo-ekonomikong krisis; ilantad at labanan ang mga anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong programa't patakaran ng US, ng gobyerno ng republika ng Pilipinas, at ng mga ahensya't korporasyon ng imperyalismo.

Aktibo at militanteng tsumuporta't lumahok sa pakikibaka ng manggagawa para sa trabaho, sahod at karapatan, sa pakikibaka ng magsasaka para sa tunay na repormang agraryo, sa pakikibaka't kahilingan ng mga aping maralita, pambansang minorya at kababaihan.

Agresibong ilantad ang psywar, mga anti-mamamayang polisiya tulad ng LIBERALISASYON, DEREGULASYON at PRIBATISASYON ng estado't rehimeng US-Arroyo at ang mga ahente't kasabwat na kontra-rebolusyunaryo. Manguna sa wastong landas ng militanteng pakikibaka. Ilantad, itakwil at labanan ang repormismo, kolaborasyunismo at rebisyunismo.

4. **Itaguyod at ipaglaban ang mga partikular na demokratikong karapatan, kagalingan at kahilingan ng masang kabataang estudyante. Ipaglaban ang makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon.**

Itaas ang antas ng pangkarapatan at pangkagalingang kamulatan at pakikibaka ng kabataang estudyante tungo sa pampulitikang kamulatan at pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, at tungo sa kamulatan at pakikibaka para sa pambansa demokrasya.

5. **Buklurin ang libu-libong kabataan at estudyante sa mga balangay ng LFS sa pinakamaraming paaralan sa buong kapuluan. Magsanay at magpaunlad ng libu-libong aktibistang masa para sa pambansa demokratikong pakikibaka.**

Agresibong buuin at patatagin ang LFS sa buong kapuluan. Organisahin ang kabataan, estudyante, guro at kawani sa mga estratehikong eskwelahan sa malalaking lunsod ng bansa. Mahalagang tandaan lamang na ito ay batay sa ating kakayahan at batay sa ating prinsipyo ng hakbang-hakbang na pabubuo ng solidong lakas ng organisasyon.



rehimen para lamang makakuha ng kaunting limos at suporta para sa ibayo pang pagsusulong ng karera sa pulitika nito.

Walang kahit anumang ginhawang nakamit ang mamamayan sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. Sa halip na taasan ang sahod ng manggawa, itinutulak nito ang Omnibus Ammendments to the Labor Code (OALC) na sisira sa kabuhayan at magtatanggal sa karapatan ng mga manggagawa. Imbis na lupa, matinding militarisasyon at mapanlinlang na mga iskema tulad ng "corporative farming" ang tugon nito sa hinaing ng mga magsasaka sa kanayunan. Patuloy nitong hinahayaan ang pagtaas ng presyo ng mga batayang serbisyo at bilihin, habang pinaiigting ang militaristang paghahari sa ilalim ng kampanya nitong "antiterorismo".

Nananatiling naghahari ang isang nabubulok at ibayong natutupok na neo-kolonyal na estadong pinamunuan ng sunod-sunod na papet at pasistang rehimen (mula Roxas hanggang Macapagal-Arroyo) at ng mga nagtutusuhang paksyon ng malalaki at bulok na burukrata kapitalista at mersenaryo't berdugong opisyal ng militar at pulisya.

Ngunit sa gitna ng krisis, walang humpay sa paglakas ang paglaban ng sambayanan. Sa parehong larangan ng pakikibaka - armado at parlyamentaryo, umaani ang mamamayan ng maniningning na mga tagumpay. Habang patuloy na lumalawak at lumalakas ang armadong paglaban, sumusulong din ang gawain ng mga makabayan at progresibong party-list sa loob ng reaksyunaryong estado.

## ANG HAMON NG PAMBANSA DEMOKRATIKONG PAKIKIBAKA

Sumusulong ngayon ang isang makapangyarihang bagong pambansa demokratikong kilusan at pakikibaka bilang pagpapatuloy ng nauna at dakilang pambansa demokratikong rebolusyong 1896.

Pambansa, dahil naglalayong ipagtagumpay ang pambansang kalayaan laban sa Imperyalismong US at mga lokal na papet nito. Demokratiko, dahil naglalayong ipagtagumpay ang pakikibaka ng magsasaka para sa lupa at laban sa katutubong pyudalismo. Itinataguyod nito ang mga demokratikong karapatan ng malawak na masa ng sambayanan laban sa pasismo.

Ito ay bagong tipo dahil pinamumunuan ng uring manggagawa at inilulunsad sa isang malakolonyal at malapyudal na bansa sa panahon ng modernong imperyalismo at pandaigdigang rebolusyong proletaryado-sosyalista.

Kaya ang bagong pambansa demokratikong pakikibaka ay may sosyalistang tanaw at perspektiba, at naninindigan laban sa modernong rebisyunismo.

Sentral na tungkulin nito ang pagpapabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, ang pag-agaw sa pampulitikang kapangyarihan, at ang pagtatatag ng demokratikong pamahalaang bayan. Binubuklod sa pakikibakang ito

ang saligang alyansa ng mga manggagawa't magsasaka na siyang pinakainteresado at pinakadeterminado sa pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na lipunan kasama ang iba pang uri at sektor na inaapi't pinagsasamantalahan. Isinusulong nito ang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang kilusan at pakikibaka sa kalunsuran at sa kanayunan.

## ANG HAMON SA KABATAANG ESTUDYANTE

Ang mga kabataan at estudyante ay direktang apektado ng papatinding krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan at pinagsasamantalahan at inaapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Partikular na biktima sila ng tumitinding krisis at kabulukan ng sistema ng edukasyong kolonyal, mapanupil, komersyalisado at pyudal.

Habang sumisidhi ang krisis ng lipunan, ang mga kabataan at estudyante ay madaling nagbubukas sa mga progresibo at rebolusyunaryong ideya at pakikibaka katulad ng ipinamalas nito noong panahon ng unang kilusang propaganda at demokratikong rebolusyon noong 1896, aktibismo noong panahon ng 1960, Sigwa ng Unang Kwarto 1970, at sigwa ng dekada 1980.

May natatangi at mahalagang papel ang kabataan at estudyante bilang isang puwersang kultural na konsentradong matatagpuan sa mga institusyon sa edukasyon ng naghaharing sistema, at relatibong maluwag ang mobilidad dahil hindi sila nakatali sa produksyon.

Gayunpaman, may tendensiyang mahatak sila sa repormismo at iba't ibang kontrarebolusyunaryong kaisipan na nagmumula sa himaymay ng kanilang nakagisnang kabuhayan at kamalayang petiburges at mula rin sa psywar, black propaganda at brainwashing ng reaksyon.

## ANG TUGON NG LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS

Ang League of Filipino Students ay tumatahak ngayon sa landas na ibinagtas ng mga naunang henerasyon ng kabataan at estudyante na tumugon sa hamon na isulong ang pambansa demokratikong interes ng kabataang estudyante at ng sambayanang Pilipino, at sa panininindigang labanan ang pagsasamantala ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at manindigan para sa pambansa demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba. Pinagtibay din ang paninindigan laban sa repormismo, rebisyunismo at iba pang reaksyunaryong ideya't kaisipan.

Pinag-ibayo ang militanteng diwa ng LFS laban sa makauring diktadura ng mga dayuhang monopolyo kapitalista, malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesya komprador at sa kasalukuyang ahente nito, ang rehimeng US-Macapagal-Arroyo at mga kontra-rebolusyonaryong taksil.



Pinahigpit ang pagyakap ng LFS sa batayang alyansa ng manggagawa't magsasaka at sa iba pang aping uri at sektor. Nagsagawa ang LFS ng panlipunang pagsisiyasat sa mga baryo, pabrika at komunidad at tuwirang nakisalamuha sa masa. Sa matagal na pagbagtas ng LFS sa landas ng pambansa demokratikong pakikibaka ay di matatawaran ang mga bayani't martir sa sektor na walang pag-iimbot na nagpasyang kumilos nang habang panahon sa piling ng masang anakpawis maging kapalit man ang kanilang buhay.

## ANG PANGKALAHATANG ORYENTASYON AT TUNGKULIN:

**Pukawin, organisahin at pakilusin** ang libo-libong kabataan at estudyante para sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain ng kabataang estudyante at sambayanang Pilipino. Mahigpit na sumanib at makipag-kaisa sa kilusan ng masang manggagawa at magsasaka.

Ito ang malinaw at kungkretong oryentasyon ng LFS. Dito natin patatatagin, palalakasin, at palalawakin ang pambansang organisasyon at buong kasapi ng LFS. Dito rin natin tuloy-tuloy, hakbang-hakbang, solido at komprehensibong bubuuin ang pwersa, lakas at militansya ng kabataan at estudyante para magambag sa sustenido, lahatang panig at ibayong pagsusulong, pagpapasigla at pagpapalakas ng pambansa demokratikong pakikibaka ng sambayanan.

Upang magampanan ang pangkalahatang oryentasyon, kailangang isakatuparan ang mga sumusunod na pangunahing tungkulin na magsisilbing pangkalahatang gabay sa mga panapanahong programa, hakbangin at pagkilos ng LFS.

1. **Magpropaganda para sa linya, programa at panawagan ng pambansang demokrasya. Labanan ang opensibang propaganda ng imperyalismo, psywar ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo at mga kontra-rebolusyunaryong taksil. Puspusang ilantad, ihiwalay at itakwil ang mga rebisyunista, lalung-lalo na ang mga nagpapanggap na nagsusulong ng Pambansang Demokrasya, gayundin ang mga makinaryang pang-psywar ng estado.**

Ilunsad ang komprehensibo, sustenido't malaganap na propaganda at edukasyong masa hinggil sa linya, programa at panawagan ng pambansa demokratikong kilusan. Agresibong ilantad, itakwil at labanan ang pang-ideolohiyang opensiba ng imperyalismo at ang psywar at iba't ibang kontra-rebolusyunaryong kampanya ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo at mga kasabwat nitong kontrarebolusyunaryong taksil.

2. **Itaas ang pambansa demokratikong kamalayan ng mga kasapi ng LFS. Itaas ang kamulatang panlipunan ng mga kabataang estudyante.**

Itaguyod at isulong ang sustenido't malaganap na pambansa demokratikong pagaaral at edukasyong masa. Pag-aralan at ipalaganap sa kasapian at sa masa ang